

## Notipikasyon Tungkol sa Access sa Wika – Mga Serbisyo ng Pag-i-interpret at Pagsasalin

### We can help you in your language!

Please let us know if you need an interpreter or a document translated into your language—at no cost to you.

### ¡Podemos brindarle asistencia en español!

Por favor háganos saber si necesita un intérprete o un documento traducido a su idioma. Este servicio es gratuito.

### Мы можем помочь вам с переводом на русский язык!

Соблажите нам, если вам нужен устный перевод или перевод документа на ваш язык—бесплатно для вас.

### Chúng tôi có thể giúp quý vị bằng tiếng Việt!

Xin cho chúng tôi biết nếu quý vị cần thông dịch viên hay cần phiên dịch tài liệu qua ngôn ngữ của quý vị—được miễn phí.

### 我們可以用中文向您提供幫助!

請告訴我們您是否需要我們向您提供免費口譯員服務或將文件翻譯成您使用的語言。

### Matutulungan ka namin sa Tagalog!

Mangyaring ipatam sa amin kung kailangan mo ng isang interpreter o ng isang dokumentong tinalin sa iyong wika—nang wala kang babayaran.

### 한국어 지원 서비스가 제공됩니다!

통역사가 필요하시거나 귀하의 언어로 번역된 문서가 필요하시다면 저희에게 알려 주십시오. 부담하지는 비용은 없습니다.

### Ми можемо надати вам інформацію українською мовою!

Якщо вам потрібен переклад або переклад того чи іншого документу українською мовою, просимо повідомити нам про це—послуга безкоштовна.

### يمكننا مساعدتك باللغة العربية!

نرجس إعلامنا ما كنت بحاجة إلى مترجم فوري أو إلى ترجمة مستند إلى لغتك، دون تكلفة عليك.

### Waxaan kugu caawin karna Soomaaliga!

Fadlan noo sheeg haddii aad u baahan tahay xiriirka ama in dokumentaaga laguugu hurayo ama luqaddaada—ayadoo aanay wax kharash ah kaaga bixin.

## Access sa mga Serbisyo ng Pag-i-interpret at Pagsasalin ng Distrito ng Paaralan ng Bellevue (Bellevue School District)

### Language Lines

Español (425) 456-4254	русский (425)456-4280	Tiếng Việt (425) 456-4284	中文 (425) 456-4282	한국어 (425) 456-4283	日本語 (425) 456-4281
---------------------------	--------------------------	------------------------------	----------------------	-----------------------	-----------------------

## Mga Mapagkukunang Access sa Wika Para sa mga Pamilya

May karapatan ang mga magulang na makatanggap ng mahalagang impormasyon mula sa paaralan sa wika na kanilang naiintindihan. Dapat maglaan ang Bellevue School District ng mga serbisyo ng pag-i-interpret at/o pagsasalin, kung kinakailangan, upang makipagtalastasan sa mga magulang na nakakaalam ng kaunting English (kabilang na ang mga magulang na hindi gaanong makapagsalita, makaintinde, o makapagbasa at makapagsulat sa wikang English).

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Mga Karapatan sa Access sa Wika ay matatagpuan sa sumusunod na link:

- [Amharic](#)
- [Arabic](#)
- [Cambodian](#)
- [Chinese](#)
- [English](#)
- [French](#)
- [Hindi](#)
- [Japanese](#)
- [Korean](#)
- [Marshallese](#)
- [Punjabi](#)
- [Romanian](#)
- [Russian](#)
- [Samoan](#)
- [Somali](#)
- [Spanish](#)
- [Tagalog](#)
- [Telugu](#)
- [Tigrinya](#)
- [Ukrainian](#)
- [Urdu](#)
- [Vietnamese](#)

Makatatanggap ka ng kopya ng mga panuntunan at pamamaraan ng district tungkol sa access sa wika sa kahit saang paaralan o district office. Ang online na impormasyon ay mababasa morin dito:

[Panuntunan 4218- Plano ng Access sa Wika \(Policy 4218- Language Access Plan\)](#), **Pamamaraan 4218 P**

## **Plano ng Access sa Wika (Procedure 4218 P Language Access Plan), Pagtatanghal A Kahilingan Para sa Pag-i-interpret at Salin (Exhibit A Request for Interpretation and Translation)**

### **Mga Tip Para sa mga Magulang/Pamilya**

Kung kailangan mo ng pag-i-interpret o pagsasalin upang maintindihan ang impormasyong nagmula sa paaralan ng iyong anak o upang makipagtalastasan sa paaralan ng iyong anak:

- Humingi ng isang interpreter sa front desk ng paaralan, o magtanong kung makakakuha ba ang kawani ng isang interpreter sa pamamagitan ng telepono gamit ang *LanguageLine Solutions*.
- Tawagan ang pangunahing numero ng telepono ng paaralan at humingi ng interpreter;
- Magpadala ng maikling email (sa English o sa iyong wika) na humihiling na tawagan ka, kasama ang isang interpreter, upang planuhin ang pagkakaroon ng isang pagpupulong o pag-usapan ang isang tanong o alalahanin.

### **Halimbawa ng email na humihiling ng isang interpreter:**

Mahal na Guro (o Prinsipal, Tagapayo, Tagapag-alaga):

Ako po si \_\_\_\_ Ako po ang magulang ni \_\_\_\_\_. Gusto kong makausap ka tungkol sa aking anak. Maaari bang tawagan mo ako kasama ang isang interpreter? Ang numero ng aking telepono ay: \_\_. Salamat.

- Kung makatanggap ka ng nasusulat na notipikasyon, email, o iba pang mga dokumento sa English at hindi mo ito naiintindihan, hilingin sa nagpadala nito na isalin ito sa iyong wika.
- Kung hindi mailalaan nang nasa oras ng indibiduwal ang buong nasusulat na salin, hilingin na makipag-ugnayan sa isang kawani ng paaralan at magkaron ng isang interpreter upang maisalin ng bibigan ang dokumento, na may sapat na oras upang makagawa ka ng mga nota.

### **Kung mayroon kang mga tanong, o kailangan mo ng tulong upang makakuha ng mga serbisyo ng pag-i-interpret o pagsasalin, kontakin ang:**

- Prinsipal ng iyong anak;
- Koordineytor ng Access sa Wika (Language Access Coordinator) ng Distrito ng Paaralan ng Bellevue sa [languageaccess@bsd405.org](mailto:languageaccess@bsd405.org)

### **Ito ang mga Karapatan Mo!**

Sa ilalim ng mga batas ng estado at pederal ukol sa mga karapatang sibil, may karapatan ka na kumuha ng impormasyon sa iyong wika. Asahan mo na ang paaralan ay hindi gagawa ng aksyon laban sa iyo o sa iyong anak dahil sa pagbabahagi ng mga alalahanin o pagsampa ng reklamo.

### **Mga alalahanin at reklamo**

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa mga serbisyo ng paaralan may kinalaman sa pag-i-interpret at pagsasalin—o hindi ka inalok na magkaroon ng interpreter o salin na kailangan mo—may mga magpagpipilian ka na puwede mon gawin.

1. **Makipag-usap sa iyong prinsipal o sa empleyado ng paaralan na palagay ang loob mo.**  
Kadalasan, ang pakikipag-usap sa prinsipal ng iyong paaralan ay ang pinakamahusay na hakbang upang masolusyunan ang iyong mga alalahanin. Ipaliwanag ang nangyari, at ipaalam sa prinsipal kung ano ang maaari nilang gawin upang makatulong na malutas ang problema.

2. **Makipag-usap sa school district.** Maaari mo ring kontakin ang opisyal ng Pagsunod sa mga Karapatang Sibil (Civil Rights Compliance officer) ng Distrito ng Paaralan ng Bellevue na si Nancy Pham sa (425) 456-4040 o sa [phamn@bsd405.org](mailto:phamn@bsd405.org) upang ibahagi ang iyong mga alalahanin.
3. **Humingi ng tulong upang malutas ang iyong mga alalahanin.** Maaari mo ring kontakin ang mga ahensiyang ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan o para matulungan kang lutasin ang iyong mga alalahanin.

Tanggapan ng Pagkakapantaypantay at mga  
Karapatang Sibil  
(Equity and Civil Rights Office)

Tanggapan ng Superintendente ng Pampublikong  
Pagtuturo  
(Office of Superintendent of Public Instruction)  
360-725-6162 | [www.k12.wa.us/equity](http://www.k12.wa.us/equity)

Tanggapan ng Ombudsman ng Edukasyon  
(Office of the Education Ombuds)  
1-866-297-2597 | [oeo.wa.gov](http://oeo.wa.gov)

4. **Maaari kang magsampa ng reklamo.** Upang makasampa ng reklamo, ipaliwanag sa pamamagitan ng pagsulat—sa anumang wika—ang nangyari at ipadala sa district sa pamamagitan ng koreo, email, o pag-abot mismo. Tiyakin na magtabi ng kopya para sa iyong mga rekord.

Sa loob ng 30 araw ng kalendaryo, iimbestigahan ng district ang iyong reklamo at tutugon sa iyo sa pamamagitan ng sulat. Narito ang online na karagdagang impormasyon tungkol sa iyong reklamo: